# Maging Handang RedCross

# Checklist para sa Kaligtasan ng mga Alagang Hayop at Sakuna

**Pinayayaman ng mga alagang hayop ang ating mga buhay higit pa sa ating mabibilang. Bilang ganti, nakadepende sila sa atin para sa kanilang kaligtasan at kabutihan. Ang pinakamahusay na paraan upang siguruhin ang kaligtasan ng inyong pamilya ay maging handa gamit ang plano sa sakuna.**

## Matuto ng Paunang Lunas para sa Iyong mga Alagang Hayop

Ang mga aso at pusa ay higit pas sa alagang hayop—sila ay kapamilya. At tulad ng ibang miyembro ng pamilya, karapad-dapat silang alagaan at protektahan. Kaya't ang American Red Cross ay bumuo ng Paunang Lunas sa Aso at Paunang Lunas sa Pusa, mga komprehensibong gabay upang panatiliing malusog at ligtas ang mga alagang hayop. Mula sa basic na mga responsibilidad, katulad ng spaying/neutering at pagbibigay ng gamot, hanggang sa pamamahala ng emerhensiya sa puso at paghahanda sa mga sakuna, ang mga gabay na ito ay nagbibigay ng impormasyong mapagkakatiwalaan ng mga may-ari ng alagang-hayop.

Makipag-ugnay sa inyong lokal na tanggapan upang bumili ng mga librong gabay at mga kit sa paunang lunas o mag-log on sa Tindahan ng Red Cross upang makita lahat ng mga makukuhang produkto.

### Paano ako maghahanda?



**Planuhing isama ang iyong mga alagang hayop kapag lumisan. Kung hindi ligtas para sa iyo na manatili, hindi din ligtas para sa kanila.**

- ❐ Alamin kung aling mga hotel at mga motel sa iyong ruta ng paglisan ang tumatanggap sa iyong mga alagang hayop sa panahon ng emerhensiya. Tumawag agad para sa reserbasyon kung alam mong maaari mong kailanganing lumisan. Tanungin kung ang pagbabawal sa alagang-hayp ay maaaring hindi ipatupad sa panahon ng emerhensiya.
- ❐ Karamihan ng mga silungan ng Red Cross ay hindi maaaring tumanggap ng mga alagang hayop dahil sa pagsasaalang-alang sa kalusugan at kaligtasan at iba pang konsiderasyon. Ang mga hayop na pang-serbisyo na tumutulong sa mga taong may kapansanan ay pinahihintulutan sa mga silungan ng Red Cross.
- ❐ Alamin kung sinong mga kaibigan, mga kamag-anak, mga pasilidad na tirahan, mga silungan ng mga hayop o mga beterinaryo ang maaaring mag-alaga sa iyong mga alagang hayop sa panahon ng emerhensiya. Maghanda ng listahan na may numero ng telepono.
- ❐ Kahit na mas komportable ang iyong mga hayop na magkakasama, maging handa na ibahay silang magkakahiwalay.
- ❐ Isama ang inyong mga alagang hayop sa mga pagsasanay sa paglisan upang masanay sila sa pagpasok at pagbibiyahe nang kalmado.
- ❐ Siguruhin na ang mga bakuna ng iyong mga alagang hayop ay nasasapanahon at lahat ng aso't pusa ay may suot na kuwelyo na maayos ang pagkakalagay at may nasasapanahong pagpapakilanlan. Karamihan sa mga silungan ng mga alagang hayop ay humihingi ng katibayan ng nasasapanahong bakuna upang maiwasan ang pagkalat ng sakit.
- ❐ Isaalang-alang ang pagpapalagay ng "microchip" sa inyong alaga mula sa inyong beterinaryo.

### Ano ang aking dapat gawin?



**Magbuo ng madaling dalhin na kit na may mga pang-emerhensiyan supply para sa iyong mga alagang hayop.**

- ❐ Ilagay ang mga bagay sa lugar na madaling kunin at iimbak sila sa mga matitibay na lalagyan para madli itong madala. Ang iyong kit ay dapat may—
  - Matitibay na mga tali, mga harnes at/o pangkarga upang ligtas na mailipat ang mga alagang hayop at masiguro na hindi sila makawala.
  - Pagkain, inuming tubig, mga mangkok, cat litter/sisidlan at isang mano-manong pambukas ng lata.
  - Mga gamot at mga kopya ng mga medikal na tala na nakalagay sa lalagyang hindi nababasa.
  - Kit para sa paunang lunas.
  - Kasalukuyang litrato mo kasama ang iyong (mga) alagang hayop sakaling mawala sila. Dahil sa maraming mga alagang hayop ang magkakamukha, makakatulong ito na maiwasan ang maling pagkakakilala at pagkalito.
  - Impormasyon sa oras ng pagkain, mga medikal na kundisyon, problema sa asal at ang pangalan at numero ng inyong beterinaryo sakali mang kailangang ipaalaga o ipatira ang iyong mga alagang hayop.
  - Mga kama at laruan ng alagang hayop, kung madadala.

**Alamin kung ano ang gagawin habang papalapit ang sakuna.**

- ❐ Kadalasan ang mga babala ay pinaaalam nang maaga ilang oras o araw. Sa unang pahiwatig ng sakuna, kumilos upang protektahan ang inyong alagang hayop.
- ❐ Siguruhin na lahat ng mga alagang hayop ay may suot na mga kuwelyo na na maayos ang pagkakakabit na nasasapanahong pagkikilanlan.
- ❐ Suriin na ang mga supply mo pang sakuna para sa mga alagang-hayop ay madaling dalhin sa biglaang abiso.
- ❐ Ipasok ang mga alagang-hayop para hindi ka na kailangang maghanap kung kailangan kang umalis nang mabilisan.
- ❐ Ipasok ang mga alagang hayop upang hindi mo na sila kailangang hanapin kung kailangan niyong umalis agad.

### Matapos ang sakuna...



- ❐ Ang asal ng mga alagang hayop ay maaaring malubhang magbago matapos ang sakuna, nagiging matapang o nagtatanggol, kaya't alamin ang kanilang kapakanan at protektahan sila mula sa mga peligro upang masiguro ang kaligtasan ng ibang tao at mga hayop.
- ❐ Bantayan nang malapitan ang inyong mga hayop at panatiliin sila sa ilalim ng iyong kirektang pamamahala dahil maaaring ang mga bakod at mga gate ay nasira.
- ❐ Maaaring malito ang mga alagang hayop partikular kung ang sakuna ay nakaapekto sa mga markang pang-amoy na karaniwang ginagamit nila upang makauwi.
- ❐ Alamin ang mga peligro sa lebel ng ilong at mga paa o hoof, partikular ang mga sukal, natapong mga kemikal, mga patabang lupa at ibang mga sangkap na maaaring tilang hindi delikado sa mga tao.
- ❐ Konsultahin ang inyong beterinaryo kung ay umiiral na problema sa asal.

## Ang mga planong aksiyon sa emerhensiya ay dapat kasama ang inyong mga hayop—lahat ng iyong mga hayop.

Para sa impormasyon tungkol sa pagpaplano sa sakuna at mga pang-emerhensiyang aksiyon para sa mga alagang pangkabuhayan, mga kabayo, ibon, mga reptile o ibang mga maliliit na hayop, katulad ng mga gerbil o hamster, pakibisita ang RedCross.org, ang Humane Society of the United States (**www.HSUS.org**) o **Ready.gov**.

## Ipaalam sa Iyong Pamilya na Ikaw ay Ligtas

Kung ang inyong komunidad ay nakaranas ng sakuna, magrehistro sa American Red Cross Safe and Well na Web site makukuha sa pamamagitan ng **RedCross.org/SafeandWell** upang ipaalam sa iyong mga pamilya at mga kaibigan ang iyong kapakanan. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa **1-866-GET-INFO** upang irehistro ang iyong sarili at ang pamilya mo.

American Red Cross

Para sa higit pang impormasyon sa sakuna at pagkahanda sa emerhensiya, bumisita sa **RedCross.org**.

Karapatang-ari © 2009 ng American National Red Cross